



the global voice of
the legal profession



Ang eyeWitness App sa Isang Sulyap

- Hinahangad ng eyeWitness to Atrocities na parusahan ang mga salarin sa kasamaan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng madaling gamitin na camera app na nagka-capture sa metadata na kailangan para matiyak na ang mga imahe ay magagamit sa mga imbestigasyon o paglilitis.
- Ang kolaborasyon sa pagitan ng eyeWitness at Human Rights at Sea ay magbibigay-kapangyarihan sa mga mandaragat na mai-rekord at i-ulat ang mga paglalabag na nagaganap sa karagatan at makakatulong na managot ang mga taong may pananagutan sa mga pang-aabusong ito.
- Di-tulad ng mga standard na mobile phone camera, ang eyeWitness app ay may kasamang tatlong pangunahing feature para matiyak na ang mga litrato at video na kinuhanan gamit ang app ay maaaring mapatunayan at mapatotohanan:
 - Ang app ay nagkokolekta ng mahahalagang metadata, kasama na ang mga GPS coordinate, petsa at oras, at lokasyon ng mga pumapalibot na cell tower at mga Wi-Fi network para makumpirma ang petsa/oras/lokasyon nang makuhanan ang footage;
 - Ang app ay gumagamit ng pixel count para makalikha ng bukod-tanging identifying code na nagpapakita na ang footage ay hindi na-edit o nabago sa anumang paraan;
 - Ang lahat ng mga litrato/video/audio na nakuhanan gamit ang app ay ipinapadala mula sa app diretso sa eyeWitness. Ang media lang na nakuhanan gamit ang app at ipinadala mula dito ang itinatabi; tinitiyak nito na ang footage ay ang orihinal at hindi nabagong bersyon.
- Ligtas na itinatabi ng eyeWitness ang impormasyong natatanggap nito sa isang secure at off-line na pasilidad, hangga't magagamit ito sa isang imbestigasyon o paglilitis.
- Mayroong apat na mahalagang hakbang sa paggamit ng eyeWitness app:
 - Awtomatikong binubuksan ng app ang camera mode para mabilis na makakuha ng mga litrato o mag-rekord ng mga video o audio. Ang app ay may secure mode at unsecured mode. Para mag-rekord ng mga pag-aabuso sa karapatang pantao, gamitin ang secure mode, na ipinapahiwatig ng isang **kulay asul na border** sa palibot ng camera viewer;
 - Ang mga imahe na na-rekord gamit ang secure mode (asul na border) ay tinatabi sa secure gallery ng app. Para makapasok sa secure gallery, piliin ang camera settings menu, piliin ang focus grid, at ilagay ang inyong password swipe code;
 - Magdagdag ng impormasyon tungkol sa litrato o video sa pamamagitan ng pag-tap sa mga imahe at pagpili sa general notes, o magdagdag ng tag icon sa nasa ibabang menu para kilalanin ang mga tao o bagay;
 - Mag-sumite ng file sa eyeWitness sa pamamagitan ng pag-tap at pagpindot nang matagal sa file thumbnail para pumili at pagkatapos ay i-click ang submit icon na matatagpuan sa menu bar.
- Ang app ay kasalukuyang available sa Ingles, Espanyol, French, Arabic, Russian, at Portuguese (Brazilian). Sa sandaling na-install ito, matutuklasan ng app ang default na lengguwahe na gamit ng telepono at i-install ito sa nasabing lengguwahe. Kung ang lengguwahe ng telepono ay hindi binanggit sa anim na magagamit na lengguwahe, gagamitin ng app ang Ingles.
- Ang eyeWitness at Human Rights at Sea ay nagsisikap para matiyak na ang nakolektang footage ay gagamitin para maparusahan ang mga nang-aabuso laban sa mga mandaragat.